

Ang Office of the Education Ombuds ng Gobernador ng Estado ng Washington: Estratehikong Plano



BISYON: Pinapangarap namin ang isang sistema ng pampublikong edukasyon na bumubuway sa rasismo, diskriminasyon sa mga taong may kapansanan, at iba pang pagkakait para suportahan ang

Pinahahalagahan namin ang aming kasarilhan, mga pagpapahalaga laban sa rasismo, at pagtugon sa mga komunidad. Matututo kami bilang isang pangkat mula sa mga pamilya, mag-aaral, at komunidad at itataguyod namin ang bisyon na ito.

MISYON

Nakikipagtulungan kami sa mga pamilya, komunidad, at paaralan para magkasamang tugunan ang mga problema nang sa gayon ay ganap na makakalahok at uunlad ang bawat mag-aaral sa mga K-12 na pampublikong paaralan sa Washington.

ANG AMING MGA TUNGKULIN

Makinig sa mga alalahanin at tugunan ang mga tanong tungkol sa sistema ng pampublikong edukasyon ng K-12

Gumamit ng mga tool sa impormal na paglutas ng alitan para suportahan ang nagtutulungang paglutas ng problema at itaguyod ang katarungan sa edukasyon

Magbigay ng pagtuturo, pagtulong, at pagsasanay tungkol sa pakikipag-ugnayan sa pamilya at komunidad at pagtataguyod ng mga sistema

Kumolekta ng datos at tukuyin ang mga direksiyon para gabayan ang aming mga rekomendasyon sa patakaran sa edukasyon

Opisina ng Gobernador ng Washington State ng

Education Ombuds

Kami ay nakikinig. Inapalamin namin. Tumutulong kami para malutas ang mga problema.
Sa Telepono: 1-866-297-2597 Online: www.oeo.wa.gov

Mga Estratehikong Priyoridad

Impormal na Paglutas ng Alitan

Tinutulungan ng Office of the Education Ombuds (OEO, Tanggapan ng Ombuds sa Edukasyon) ang sinumang may mga tanong o alalahanin tungkol sa mga paaralan ng K-12 sa Washington. Makapagbibigay kami sa iyo ng impormasyon, mga pagsangguni, mga toolkit, at iba pang mapagkukunan.

Ang lehislatibong misyon ng OEO ay bawasan ang mga puwang sa oportunidad. Nakatuon ang aming mga priyoridad sa estratehikong plano sa katarungan sa edukasyon, lalo na sa mga komunidad na pinakanaapektuhan ng COVID-19. Tinutuon namin ang aming mga limitadong mapagkukunan sa paglutas ng alitan, gaya ng impormal na pamamagitan at pagtuturo, sa [mga mag-aaral sa K-12 na:](#)

- Huminto sa pag-aaral, kasama ang mga mag-aaral na may kapansanan na nakakatanggap ng mga bahagyang araw ng pag-aaral
- Hindi puti, Itim, o katutubo
- Nakakaranas ng kawalan ng tirahan
- Inaalagaan ng kamag-anak o nasa foster na pangangalaga
- Naging bahagi ng katarungang pangkabataan o mga sistema ng rehabilitasyong pangkabataan
- Imigrante, refugee, asylee, o migrante, o mga mag-aaral o pamilya na hindi Ingles ang (mga) pangunahing wika, o
- Nakakatanggap ng mga suporta mula sa Wraparound with Intensive Services (WISe) o Children's Long Term Inpatient Programs (CLIP)

Mga Estratehiya:

Aktibong bumuo ng mga ugnayan sa mga pamilya, mag-aaral, at komunidad na naghahanap ng katarungan sa edukasyon sa mga paaralan para makinig at matuto mula sa kanilang mga karanasan at kalakasan

Gumawa ng mas marami pang online tool para sagutin ang mga karaniwang tanong sa labas ng aming mga direktang priyoridad sa interbensiyon

Tukuyin ang mga oportunidad para gumawa ng sistematikong pagbabago sa pamamagitan ng mga indibidwal na alalahaning inilalapit sa amin

Pakikipag-ugnayan

Sinasalamin ng aming mga priyoridad sa pakikipag-ugnayan ang mga komunidad na inuna namin sa aming paglutas ng alitan. Gagawa rin kami ng mga materyales at tool para sa mga isyu sa labas ng aming estratehikong plano para palakasin ang mga pamilya, mag-aaral, at tagapagturo sa pakikipagtulungan.

Mga Estratehiya:

Makipagtulungan sa komunidad, pamilya, mag-aaral, at mga organisasyon ng tagapagturo, pati na rin sa mga ahensiya ng pamahalaan, para magkasamang mag-organisa ng mga kaganapan at workshop

Palalimin ang mga umiiral na ugnayan sa mga organisasyon at mga grupo ng pamilya at mag-aaral, habang pinapataas din ang kaalaman ng buong estado tungkol sa OEO

Gumamit ng mabisang pagkukuwento para ibahagi ang mga karanasan ng pamilya at mag-aaral sa mga tagapagturo, tagagawa ng patakaran, at ibang pamilya at komunidad

Pagtataguyod sa Patakaran

Tutukoy at gagawa kami ng mga oportunidad para itaguyod ang katarungang panlahi, katarungan sa kapansanan at kalusugan ng pag-iisip, at access sa wika sa sistema ng paaralan. Dadalhin namin ang mga perspektibo at alalahanin ng mag-aaral, pamilya, at komunidad sa mga pagtatalakay at pagpapasiya ng mga patakaran.

Mga Estratehiya:

Makipagtulungan sa mga organisasyon sa komunidad, pamilya, at mag-aaral para labanan ang rasismo, diskriminasyon sa mga taong may kapansanan, at iba pang uri ng pagpapahirap

Matuto mula sa mga perspektibo ng komunidad, pamilya, at mag-aaral na karaniwang naisasantabi sa paggawa ng patakaran at pamamahalaan ng mga ito

Gamitin ang aming mga papel sa pamamahala sa mga grupo sa paggawa para itaguyod ang boses ng pamilya at mag-aaral